AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

### Aralin 72

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 72**

Theme: Ang Batang Ayaw Kumain Ng Gulay - Kung Bakit Ako Naging Kambing

Content Creator: April Grace M. Garcia

**ANG BATANG AYAW KUMAIN NG GULAY:KUNG BAKIT AKO NAGING KAMBING**

**WRITING PROMPT LESSON 72**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, susundan natin ang kwento ng isang batang ayaw kumain ng gulay. Sa nakaraang araw, naging kambing ang ating bida matapos niyang magdabog sa kanyang nanay na walang nabiling hotdog sa tindahan. Sa araw na ito, malalaman natin kung bakit nga ba naging kambing ang bida!

**II.Writing Prompt of the Day**

Matapos mong maging kambing ay ika'y umiyak sa iyong kwarto. "MEEEEEEH MEEEEEEH!" Gusto mo mang magsalita ngunit tanging MEEEEEH MEEEEH ang lumalabas sa iyong bibig.

Maya-maya'y binuksan ng iyong nanay ang pinto sa iyong kwarto! Gusto mo na siyang yakapin at magsorry. Nang kanyang buksan ang pinto, nagulat siya sa nakitang kambing sa iyong kwarto, hindi niya alam na ikaw ang kambing na iyon.

Hinabol ka niya at muntik pang batuhin ng dyaryo. Kaya't ikaw ay tumakbo palabas ng bahay hanggang makalayo ka sa inyo.

Iyak ka nang iyak. Isang tapik ang kumuha ng iyong atensyon. Ito ang diwatang nagbigay sumpa sa iyo.

"Samahan mo ko batang kambing, maglalakbay tayo upang malaman mo kung bakit napakahalagang kumain ng gulay." Sa isang pitik ng kanyang daliri, ikaw ay nakakapagsalita na. Ang MEEEEEEH ay naging wikang ginagamit mo noong tao ka pa.

"Bakit mo binalik yung pagsasalita ko, pero kambing pa rin ako?" sabi mo sa diwata. "Masyado ka kasing maingay kung ikaw ay kambing," wika ng diwata habang pinupunasan ang mga luha sa iyong mata. Mas bigyang detalye ang ating kwento!

•Ano kayang nararamdaman ng bida nung hindi siya makapagsorry sa kanyang nanay?
•Ano naman kayang pakiramdam ng nanay nang makita ang kambing sa kwarto ng kanyang anak?
•Anong mararamdaman mo kung puro MEEEEEH lang ang kaya mong sabihin?
•Mabait ba ang diwata sa ating kwento? Bakit oo? Bakit hindi?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."